Unang Edisyon

# iSangLahi 9

## Ekonomiks



Online Offline MATERIALS

DepED K-12 PROGRAM ALIGNED

Teachers Manual

# Yunit 1: Ekonomiks: Batayan ng Matalinong Paggamit ng Pinagkukunang Yaman

## Aralin 1: Konsepto ng Ekonomiks

### MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

- Maipaliwanag ang konsepto ng ekonomiks.
- Mailapat ang kahulugan ng ekonomiks sa pang-araw-araw na pamumuhay bilang isang mag-aaral, at kasapi ng pamilya at lipunan.
- Maipaliwanag ang sarili sa daloy ng ekonomiya.

### PAUNLARANG GAWAIN

**Mga Paghahandang Gawain**

1. **Mga Karaniwang Gawain**
   - Panalangin at Pagcheck sa attendance.
2. **Pagsusuri/Balik-aral (mga mungkahi)**
   - Ipakilala ang sarili at kilalanin ang mga mag-aaral.
3. **Mga maaaring gamiting motibasyon (mga mungkahi)**
   - Alamin ang kahalagahan ng ekonomiks sa pag-aaral, sa lipunan, at sa pamilya.

**Presentasyon ng Aralin**

Talakayin ang aralin gamit ang mapagkukunang **iPresentation** na matatagpuan sa loob ng interactive na courseware upang mapadali ang pag-aaral sa **PAHINA 2 - 6**. Bigyan ang mga mag-aaral ng pagsasanay sa pagsasanay o mga katanungan.

### PAGBUBUOD

Pamunuan ang mga mag-aaral sa pagtukoy na:

- Ang konsepto ng ekonomiks ay nagpapaliwanag ng tamang pamamaraan ng pagkonsumo, alokasyon, at produksyon ng pinagkukunang yaman upang mabigyang solusyon ang kakapusan at matugunan ang walang hangganang pangangailangan at hilig ng mga tao.
- Mahalaga rin na maunawaan ang mga salik sa daloy ng ekonomiya sapagkat ito ay may kanya-kanyang papel upang epektibong mapatakbo ang daloy ng ekonomiya.
- Ang mga salik na ito ang nagsisilbing kamay upang magkaroon ng isang mayamang bansa kung ito ay magtutulong-tulong tungo sa isang matatag na ekonomiya.

### IKA-UNANG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain A** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

**Maaaring magkakaiba-iba ang sagot ng mga bata.*

| Nilalaman | 1 | 3 | 5 |
| --- | --- | --- | --- |
| Konsyumer | Naipakita ang konsyumer sa circular flow model ngunit hindi wasto ang disposiyon at ang naibigay na gampanin nito. | Naipakita ang konsyumer sa circular flow model at nasa tamang disposisyon. Ngunit hindi naibigay ang wastong gampanin nito. | Naipakita ang konsyumer sa circular flow model at nasa tamang disposisyon. Naibigay din ang wastong gampanin nito. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Negosyante** | Naipakita ang negosyante sa circular flow model ngunit hindi wasto ang disposiyon at ang naibigay na gampanin nito. | Naipakita ang negosyante sa circular flow model at nasa tamang disposisyon. Ngunit hindi naibigay ang wastong gampanin nito. | Naipakita ang negosyante sa circular flow model at nasa tamang disposisyon. Naibigay din ang wastong gampanin nito. |
| **Tagapagtustos (Supplier)** | Naipakita ang tagapagtustos o supplier sa circular flow model ngunit hindi wasto ang disposiyon at ang naibigay na gampanin nito. | Naipakita ang tagapagtustos o supplier sa circular flow model at nasa tamang disposisyon. Ngunit hindi naibigay ang wastong gampanin nito. | Naipakita ang tagapagtustos o supplier sa circular flow model at nasa tamang disposisyon. Naibigay din ang wastong gampanin nito. |
| **Manggagawa** | Naipakita ang manggagawa sa circular flow model ngunit hindi wasto ang disposiyon at ang naibigay na gampanin nito. | Naipakita ang manggagawa sa circular flow model at nasa tamang disposisyon. Ngunit hindi naibigay ang wastong gampanin nito. | Naipakita ang manggagawa sa circular flow model at nasa tamang disposisyon. Naibigay din ang wastong gampanin nito. |
| **Pagpapaliwanag ng Circular Flow Model** | Hindi wasto ang pagpapaliwanag sa Circular Flow Model | Naipaliwanag ng wasto ang Circular Flow Model ngunit may kakulangang impormasyon. | Naipaliwanag ng wasto at kumpletong detalye anf Circular Flow Model. |

## IKALAWANG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain B** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

**Maaaring magkakaiba-iba ang sagot ng mga bata.*

| Nilalaman | 1 | 3 | 5 |
|---|---|---|---|
| **Microeconomics** | Hindi wasto ang naibigay na konsepto ng microeconomics. | Naibigay ng wasto ngunit may kakulangang impormasyon sa konsepto ng microeconomics. | Naibigay ng wasto at may kumpletong impormasyon ang konsepto ng microeconomics. |
| **Macroeconomics** | Hindi wasto ang naibigay na konsepto ng macroeconomics. | Naibigay ng wasto ngunit may kakulangang impormasyon sa konsepto ng macroeconomics. | Naibigay ng wasto at may kumpletong impormasyon ang konsepto ng macroeconomics. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pagkakatulad ng Konsepto | Hindi wasto ang naibigay na pagkakatulad ng dalawang konsepto. | Naibigay ng wasto ngunit may kakulangang impormasyon sa pagkakatulad ng dalawang konsepto. | Naibigay ng wasto at may kumpletong impormasyon ang pagkakatulad ng dalawang konsepto. |

## IKATLONG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain C** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

**Maaaring magkakaiba-iba ang sagot ng mga bata.*

| Nilalaman | 3 | 5 | 8 | 10 |
|---|---|---|---|---|
| Industriya | Hindi klaro ang ugnayan ng napiling industriya sa circular flow model. | Nakapili ng isang partikular na industriya ngunit hindi naiugnay ang mga salik sa circular flow model. | Nakapili ng isang partikular na industriya ngunit hindi wasto ang pagkakaugnay ng mga salik sa circular flow model. | Nakapili ng isang partikular na industriya at naiugnay ng wasto ang mga salik sa circular flow model. |
| Mga Salik sa Circular Flow Model | Hindi naibigay ng wasto at kumpleto ang mga salik ng circular flow model sa napiling industriya gayundin ang mga gampanin nito. | Naibigay ng wasto at kumpleto ang mga salik sa circular flow model na nakapaloob sa napiling industriya. Ngunit hindi naibigay ang mga gampanin nito. | Naibigay ng wasto ngunit may mga kakulangan sa mga salik gayundin ang gampanin nito sa circular flow model na nakapaloob sa napiling industriya. | Naibigay ng wasto at kumpleto ang mga salik gayundin ang gampanin nito sa circular flow model na nakapaloob sa napiling industriya. |
| Presentasyon | Hindi handa ang grupo sa kanilang presentasyon. | Hindi maayos na naiulat ang presentasyon ay may mga kakulangan ding impormasyon. | Maayos na naiulat ang presentasyon ngunit may mga kakulangang impormasyon. | Maayos at wastong naiulat ang bawat impormasyon patungkol sa napiling paksa. |
| Partisipasyon ng mga Kasapi | Iilan lamang sa mga miyembro ang may partisipasyon sa paguulat. | Kalahati ng miyembro ang walang partisipasyon sa paguulat. | May iilang miyembro ang walang partisipasyon sa paguulat. | Lahat ng miyembro ng grupo ay may partisipasyon sa paguulat. |

## TAKDANG-ARALIN

Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na gawain bilang takdang-aralin:

1. Gumawa ng mind map tungkol sa batayan ng katotohanan sa pag-aaral ng ekonomiks.
2. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong:
    a. Anu-ano ang mga batayang katotohanan sa pag-aaral ng ekonomiks?
    b. Bakit kailangang bigyan ng pansin ang pag-aaral ng ekonomiks sa ating bansa?